
1

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 5: Pagtukoy sa Kahulugan ng Salita Batay sa Kasingkahulugan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ika-apat na Markahan – Modyul 5:** Pagtukoy sa Kahulugan ng Salita Batay sa Kasingkahulugan
Kompetensi: Natutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan
Competency Code: F1PP-IIIh-1.4
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| Manunulat | : | Catherine O. Iglesia |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado |
| Tagaguhit | : | Rhizza D. Manzano |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales |
| Tagapamahala: | | Estela L. Carino<br>Rhoda T. Razon<br>Octavio V. Cabasag<br>Rizalino G. Caronan<br>Roderic B. Guinucay<br>Jorge G. Saddul, Sr.<br>Felimendo M. Felipe<br>Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 5: Pagtukoy sa Kahulugan ng Salita Batay sa Kasingkahulugan

## Panimulang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsunod sa Napakinggang Panuto na may Isa – Dalawang Hakbang !

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Unang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsunod sa Napakinggang Panuto na may Isa - Dalawang Hakbang !

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang tulad mo na nasa unang baitang upang matukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan. Ang mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang malaman ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan nito.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagtukoy sa kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Matutukoy ang kahulugan ng salita batay sa kasingkahulugan.
- Masasabi ang kahulugan ng salita ng may katiyakan.

## *Subukin*

Sagutin ang bugtong upang matukoy ang kahulugan ng salitang nasa larawan. Isulat ang wastong sagot sa guhit.

Ito ay isang lugar.
Dito puwedeng kumain,
matulog at magpahinga.
Kahit saan man magtungo,
Dito pa rin ang uuwian mo.
Ano ito?

____________________________



lungga

## *Balikan*

Tukuyin ang angkop na salita upang makompleto ang bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| **palengke** | **nagpasalamat** | **kumain** |

1. Nais __________ ni Alena ng prutas.

2. Ibinili siya nito ng kaniyang nanay sa __________.

3. _______________ siya sa kanyang nanay at sinimulan na niya ang pagkain.

### *Mga Tala para sa Guro*

Sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salita, mahalaga ang may malawak na kaisipan at pang-unawa sa mga ito. Maraming salita ang magkakatulad ang ibig sabihin kaya dapat mag-ingat sa paggamit ng mga ito upang hindi magkamali ang bata sa pag-unawa.

## Tuklasin



Siya si Ibaro.

Sa lahat ng gawain, siya ay pursigido

Masikap din siya at matalino

Kaya naman si nanay, siya ay paborito.

Ano ang napansin mo sa mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap?

## Suriin

Kilalanin pa nating mabuti ang mga salitang ginamit sa kuwento. Suriin ang bawat pangungusap upang masabi ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

Ang gawain ay tumutukoy sa trabaho.

Ang pursigido ay may kahulugan na salitang determinado.

Ang masikap ay kasingkahulugan ng masipag.

Ang matalino ay marunong.

Ang paborito ay gusto.

## Pagyamanin

Narito ang mga iba't ibang kasanayan. Subukan mong gawin.

**Gawain 1:** Piliin sa loob ng panaklong at bilugan ang dalawang salitang kasingkahulugan ng salitang nasalungguhitan

1. sagana ( marami kulang labis )
2. batid ( limot alam nalaman )
3. maaliwalas ( maliwanag madilim kaaya-aya )
4. masalimuot ( magulo maayos mahirap )
5. ayuda ( tulong tamad bigay )

Gawain 2: Pag-ugnayin ang mga salitang magkasingkahulugan.

| | |
|---|---|
| abala | hindi mapakali |
| aligaga | nalulungkot |
| nagkukumahog<br>ginagawa | maraming |
| nagdadalamhati | sobra |
| umaapaw | nagmamadali |

Gawain 3: Basahin ang pangungusap. Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit? Bilugan ito.

1. <u>Nagagalak</u> ang mga bata sa pagdating ng mga bisita.

maingay masaya malungkot

2. Kahit sila ay dukha, hindi sila itinuring na iba.

**mahirap** **mabagal** **marami**

3. Ang ilan sa kanila ay madungis ang kasuotan.

**malinis** **maputi** **marumi**

4. Ngunit hindi ito alintana ng mga bisita.

**pansin** **batid** **aral**

5. Ang mahalaga, silang lahat ay nagkakaunawaan.

**nag-aaway** **nagkakaintindihan** **nagtatawanan**



## *Isaisip*

Masasabi natin ang kahulugan ng isang salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan o parehong kahulugan nito. Kapag ang mga salita ay may

pareho o magkatulad ang kahulugan, ang mga ito ay magkasingkahulugan.



## *Isagawa*

Basahin ang pangungusap. Tukuyin ang dalawang salitang magkasingkahulugan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga doctor ay maraming gawain  dahil sa kanilang trabaho.

2. Nagpapakahirap sila para mapawi ang sakit at mawala ang karamdaman ng mga tao.

3. Sila ang tumutugon sa mga pangangailangan at sumasagot sa mga katanungan ng mga maysakit.

4. Ipinapaliwanag nila ang mga bagay na bawal at hindi puwedeng gawin.

5. Dahil dito, nababawasan ang suliranin at mga problema ng mga taong nagkakasakit.

## *Tayahin*

Piliin ang dalawang salitang magkasingkahulugan. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| tapat | umakyat | wika |
| bumaba | mapili | lahi |
| peke | mabait | pumila |
| maselan | totoo | humiga |
| pumanaog | maglinya | salita |

## *Karagdagang Gawain*

Pumili ng dalawang salitang natutuhan sa aralin. Iguhit ang mga ito upang maipakita ang kahulugan nito. Gawin ito sa isang malinis na papel.

# Susi sa Pagwawasto

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. Marami, labis
2. Alam, nalaman
3. Maliwanag, kaaya-aya
4. Magulo,mahirap
5. Tulong, bigay

Gawain 2

1. abala-maraming ginagawa
2. aligaga-hindi mapakali
3. nagkukumahog-nagmamadali
4. nagdadalamhati-nalulungkot
5. umaapaw-sobra

Gawain 3

1. masaya
2. mahirap
3. marumi
4. pansin
5. nagkakaunawaan

**Isagawa**

1. gawain,trabaho
2. mapawi, mawala
3. tumutugon, sumasagot
4. bawal, hindi puwede
5. suliranin, problema

**Tayahin**

tapat-totoo

pumanaog-bumaba

maselan-mapili

pumila-maglinya

wika-salita

**Subukin**

lungga – tirahan, bahay

**Balikan**

1. kumain
2. palengke
3. nagpasalamat

# *Sanggunian*

Calatrava, Sancho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, Maria Hazel J. Derla, Gratcielo Chiara D. Badillo at Fragilyn Rafael, (2017) Bumasa at Sumulat Filipino-Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral (Unang Edisyon) Republika ng Korea:Prinpia Co.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph